
7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2

### Ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

**CO_Q4_ESP7_Module2**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao 7**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Pahayag na Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jerome S. Catamio
**Editor:** Florenil M. Malabayabas
**Tagasuri:** Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo
**Tagaguhit:** Ulysis J. Galloniga
**Tagalapat:** Jerome S. Catamio, Ivan Paul V. Damalerio
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Mariflor B. Musa
Freddie Rey R. Ramirez
Danilo C. Padilla
Annabelle M. Marmol
Lany M. Semilla
Mariam B. Rivamonte
Nestor T. Rualo

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – MIMAROPA Region**
Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig City
Telefax: 02-8631-4070
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

Ready-to-Print

7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2

### Ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement

Ready-to-Print

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.


Ready-to-Print



## *Alamin*

Sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang ginawang pahayag ng misyon sa buhay kung ito ay may pagsasaalang-alang sa tama at matuwid na pagpapasiya. (EsP7PB-IVc-14.2)
    a. Nalalaman ang kahulugan ng pahayag ng misyon sa buhay;
    b. Naiisa-isa ang mga paraan sa pagbuo ng pahayag ng misyon sa buhay;
    c. Nasusuri ang ginawang pahayag ng misyon sa buhay kung ito ay may pagsaalang-alang sa tama at matuwid na pagpapasiya



## *Subukin*

**Panuto**: Piliin ang titik ng tamang salita o pahayag na tinutukoy sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang ibig sabihin ng personal na pahayag ng misyon sa buhay o *personal mission statement*?
    A. Mithiin na nais marating.
    B. Pamantayan sa pag-abot ng mga pangarap sa buhay.
    C. Isang personal o pansariling *motto* o kredo na nagpapahayag kung ano ang kabuluhan ng iyong buhay.
    D. Tunguhin o pakay na nais na marating o puntahan sa hinaharap.

2. Ang mga sumusunod ay pamantayan sa pagsulat ng personal na pahayag sa buhay MALIBAN sa:
    A. Mangolekta ng mga kasabihan
    *B*. Gamitin ang paraang tinatawag na *"brain dump"*
    C. Magpahinga o maglaan ng oras sa pag-iisip.
    D. Hayaan na ang magulang na lamang ang magpasiya ng magiging layunin sa buhay.

Para sa bilang 3-5, basahin ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay sa susunod na pahina.

Ready-to-Print

**Ang a king Pahayag ng Pe rso nal na Misyon sa Buhay**

Bilang isang mag-aaral na may pangarap na maging isang matagumpay na Architect ay gagawa ako ng paraan upang maitawid ang pinapangarap sa buhay maging sa pagtulong sa pamilya at sa lipunan. Ako'y magiging masipag at magiging isang modelo sa mga kabataan. Hinding hindi kakalimutan ang Diyos. Sa pamamagitan ng pagpapatibay sa pananampalataya, ihahayag ko ang mga salita ng Diyos. Isasapuso ko ang lahat ng mga aral na aking natutuhan. Maging sa mga gawain ay kailangang may puso at pinag-iisipan. Ang pag-aaral nang mabuti, pagsasagawa ng kabutihan sa kapwa at higit sa lahat, ang gabay ng Diyos ay isa sa mga hakbang upang maging matagumpay at umunlad ang buhay sa balang araw.

-Misyon sa Buhay ni Kaye Yra A. Espinosa

*https://www.coursehero.com/file/15220770/Pagsasabuhay/*

3. Ano ang pangarap ni Kaye Yra?
   A. Architect
   B. Doktor
   C. Nurse
   D. Maging isang matagumpay na mag-aaral

4. Ano ang pinakalayunin ni Kaye Yra sa buhay?
   A. Maitawid ang pinapangarap sa buhay at makatulong sa pamilya at lipunan.
   B. Maging isang modelo sa kabataan.
   C. Isasapuso ang lahat ng mga aral na natutuhan.
   D. Pagsasagawa ng kabutihan sa kapuwa.

5. Alin sa mga sumusunod ang HINDI pamamaraan ni Kaye Yra upang matupad ang kaniyang misyon sa buhay?
   A. Patibayin ang pananampalataya sa Diyos
   B. Mag-aral nang mabuti.
   C. Gumawa ng mabuti sa kapwa.
   D. Maging aktibo sa mga gawain sa paaralan at patimpalak

6. Mahalaga ang pagbuo ng personal na pahayag sa buhay upang______.
   A. mapanatiling matatag sa anomang unos na dumating sa iyong buhay.
   B. bigyan ng tuon ang pagtupad sa mga itinakdang mithiin sa buhay.
   C. maging gabay sa ating mga pagpapasiya.
   D. lahat ng nabanggit.

Ready-to-Print

7. Ayon kay Sean Covey, ang pahayag ng personal na misyon sa buhay ay maihahalintulad sa isang punong malalim na ugat. Ano ang ibig sabihin nito?
    A. Ito ay matatag at hindi mawawala, ngunit ito ay buhay at patuloy na lumalago.
    B. Ito ay pangmatagalang layunin upang makamit ang iyong misyon sa buhay.
    C. Ito ay magsisilbing lakas upang mabuhay nang matagal.
    D. Wala sa nabanggit.

8. Si Paul ay nagnanais na maging isang matagumpay na abogado sa hinaharap. Ano ang dapat niyang gawin upang maisakatuparan ang kaniyang mithiin sa buhay?
    A. Kumuha ng maraming kurso
    B. Magsimba tuwing Linggo.
    C. Sumali sa patimpalak sa debate ng barangay.
    *D.* Mag-aral ng mabuti upang makatapos at makapasa sa *bar exam.*

9. Ano ang benepisyong makukuha ni Paul at ng kanyang kapwa kung magiging ganap siyang abogado?
    A. Yayaman ang pamilya.
    B. Maging sikat sa kanilang lugar.
    C. Makatulong sa mga nangangailangan na ipagtanggol ang kanilang karapatan.
    D. Makakapagtayo siya ng negosyo.

10. Ang pahayag ng personal na misyon sa buhay (PPMB) ay posibleng magbago o mapalitan. Ang pahayag ay:
    A. Mali, dahil ang ating PPMB ay pangmatagalan
    B. Tama, dahil patuloy na nagbabago ang tao sa konteksto ng mga sitwasyon na nangyayari sa kaniyang buhay.
    C. Mali, dahil ito ang ating gabay sa pagkamit na ating mithiin
    D. Tama, dahil ito ay dikta ng Diyos sa atin

Ready-to-Print

# Aralin 2 Ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement


Sa unang aralin ay iyong naunawaan ang proseso ng paggawa ng mabuting pagpapasiya at nasubok ang iyong sarili kung paano pumili ng tamang desisyon upang magkaroon ng kabuluhan at maging ganap ang iyong pagkatao. Sa pagkakataong ito, lubos mong mauunawan kung paano bumuo ng isang pahayag ng personal na misyon sa buhay o *personal mission statement.*



## *Balikan*

**GAWAIN 1: Balik–Tanaw**

**Panuto:** Gamit ang *mind map,* isulat ang mahahalagang konsepto tungkol sa paksa o salitang nasa loob ng bilog. Magdagdag ng bilog kung kinakailangan. Gawin ito sa kwaderno.




Ready-to-Print

Gabay na Tanong:

1. Ano ang kahalagahan ng pagbuo ng mabuting pagpapasiya? Ipaliwanag.

2. Ano ang maaaring mangyari kung hindi matututo ang kabataang tulad mo na bumuo mabuting pagpapasiya?

3. Paano makatutulong ang mabuting pagpapasiya sa pagtatamo ng buhay na ninanais sa hinaharap?



## *Tuklasin*

**GAWAIN 1: Awit / Tula ng Buhay**
**Panuto:** Humanap ng isang tula o awitin na may kaugnayan sa iyong mga mithiin sa buhay. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ready-to-Print

Gabay na tanong:

1. Ano ang kaugnayan ng tula o awit sa iyong mithiin o pangarap sa buhay? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   _____________________________________________________________________.

2. Bakit mahalagang magkaroon ng malinaw na pangarap sa buhay?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   _____________________________________________________________________.

3. Ano ang pakiramdam sa tuwing napagninilay mo ang iyong pangarap sa buhay?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   _____________________________________________________________________.

4. Ano ang mga paraan na maaari mong gawin upang magkaroon ng malinaw na mithiin at layunin sa buhay?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   _____________________________________________________________________.



## *Suriin*

### Ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement

Isang mabuting gabay sa ating mga pagpapasiya ang pagkakaroon ng pahayag ng personal na misyon sa buhay o *personal mission statement.* Ayon nga kay Sean Covey (1998), isang Amerikanong guro, may-akda ng aklat na *The Seven Habits of Highly Effective Teens*, *Begin with the end in mind.* Kung sa simula pa lamang ay alam na natin ang gusto o mithin sa buhay, hindi na magiging mahirap para sa atin ang pagpapasiya para rito. Ang pahayag ng

**Ang pahayag ng layunin sa buhay ay maihahalintulad sa isang personal o pansariling *motto* o kredo na nagpapahayag kung ano ang kabuluhan ng iyong buhay. Para itong balangkas ng iyong buhay.**

Ready-to-Print

personal na misyon sa buhay ay maihahalintulad sa isang personal o pansariling *motto* o kredo na nagpapahayag kung ano ang kabuluhan ng iyong buhay. Para itong balangkas ng iyong buhay. Iba't iba ang paraan ng pagpapahayag ng *mission statement* o layunin sa buhay. Ang iba ay mahaba; ang iba naman ay maikli. Ang iba ay awit; ang iba ay tula. Ang iba naman ay ginagamit ang kanilang paboritong salawikain o kasabihan bilang pahayag ng layunin sa buhay.

Ayon pa kay Covey (1998), ang pahayag ng personal na misyon sa buhay ay maihahalintulad sa isang punong may malalim na ugat. Ito ay matatag at hindi mawawala, ngunit ito ay buhay at patuloy na lumalago. Kailangan natin ang matibay na makakapitan upang malampasan ang anomang unos na dumarating sa ating buhay. Walang permanenteng bagay sa mundo. Lahat ay nagbabago at maraming bagay ang hindi natin mapipigil o kontrol. Halimabawa, maaaring ngayon ay mayaman kayo, bukas naman ay naghihirap; malakas ang iyong pangangatawan maaaring sa susunod ay hindi. Ibig sabihin ang ating pahayag ng personal na misyon sa buhay ay maaring magbago o mapalitan dahil sa patuloy na nagbabago ang tao sa konteksto ng mga sitwasyn na nangyayari sa buhay. Ngunit magkagayon man, ito pa rin ang magsisilbing gabay sa pagtahak sa tamang landas ng kaniyang buhay.

Narito ang ilang mga paraan na iminungkahi ni Covey (1998) sa kaniyang aklat:

1. **Mangolekta ng mga kasabihan o *motto*.** Pumili ng ilang mga kasabihan na may halaga sa iyo at tunay na pinaniniwalaan mo. Maaaring ang mga ito na ang gamitin mong pahayag ng iyong personal na misyon sa buhay.

2. **Gamitin ang paraang tinawag na "*Brain Dump*"**. Sa loob ng labinlimanng minuto ay isulat mo ang anomang nais mong isulat tungkol sa iyong misyon. Huwag kang mag-abalang magsala ng mga ideya o itama ang mga pagkakamali dito. Matapos ang labinlimang minuto ay maaari mo na itong salain at itama ang mga pagkakamali sa bararila o gramatika. Sa loob lamang ng 30 minuto ay nakapagsulat ka na ng iyong pahayag ng misyon sa buhay.

3. **Magpahinga o maglaan ng oras sa pag-iisip.** Magtungo sa isang lugar kung saan ka maaaring mapag-isa. Doon mo pagtuunan ng panahon ang paggawa ng iyong misyon sa buhay sa anomang paraang makatutulong sa iyo.

4. **Huwag labis na alalahanin ang pagsulat nito.** Hindi kinakailangan ang perpektong pagkakasulat ng misyon sa buhay. Hindi naman ito isang proyekto sa isang asignatura na kinakailangan ng marka ng guro. Ito ay personal mong sekreto. Ang mahalaga, nagsisilbi itong inspirasyon sa iyo. Itanong sa iyong sarili, "Ako ba'y naniniwala na makakamtam ko ang aking isinulat?" Kung masasagot mo ito ng oo, mayroon ka nang pahayag ng layunin sa buhay.

Ready-to-Print

Sa pagbuo mo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay, maaring isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang layunin ko sa buhay?
2. Ano-ano ang aking mga pagpapahalaga?
3. Ano ang mga nais kong marating?
4. Ano-ano ang mga benepisyong maari kong makuha at paano ito makatutulong sa akin at sa ibang tao?
5. Ano-ano ang mga magiging balakid na maaring harapin?
6. Sino ang mga tao na maari kong makasama at maging kaagapay sa aking buhay?

**Halimbawa ng Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o *Personal Statement***

Basahin at unawain ang mga halimbawang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay.


| **Pahayag ng Personal na Misyon bilang Tagapangalaga ng Kalikasan**<br><br>Maibahagi sa mga kasama sa tahanan, mga kaibigan at sa ibang mga kabataan ang mga kaalaman na natutunan tungkol sa pangangalaga ng kalikasan. Hihikayatin ko ang aking pamilya na makibahagi sa pagtulong sa barangay isang beses sa isang linggo upang iligtas ang kalikasan sa tuluyan nitong pagkasira sa pamamagitan ng paglilinis, pagrerecyle at pagtatanim ng mga puno. | |
|---|---|
| Layunin | Maibahagi ang kaalaman tungkol sa pangangalaga sa kalikasan<br><br>Hikayatin ang pamilya na makibahagi sa pagtulong sa barangay upang iligtas ang kalikasan |
| Pagpapahalaga | Pagmamahal sa Kalikasan |
| Nais Marating/Matupad | Mapangalagaan ang kalikasan at iligtas sa tuluyang pagkasira |
| Benepisyong makukuha | Malinis na kapaligiran<br>Mailigtas ang kalikasan |
| Maaaring Balakid sa Pagtupad | Oras ng pamilya<br>Trabaho<br>Ugali |
| Sino-sino ang makatutulong | Pamilya<br>Kaibigan<br>Kabarangay<br>Kabataan |

Ready-to-Print

| **Pahayag ng Personal na Misyon ng Isang Guro** | |
|---|---|
| Isang mabuting instrumento ng karunungan na gumagabay sa mga kabataan sa paglinang ng mga kasanayan at pagpapahalagang kailangan nila upang maging mabuting miyembro ng pamilya at pamayanan. Magsasaliksik ng mga bagong kaalaman na kapaki-pakinabang sa pagtuturo at makikipagtulungan sa mga kasamang guro upang maging madali ang pagkatuto at pagsasagawa ng gawain. Patuloy na gagawin ang mga ito bilang paraan ng paglilingkod sa kapuwa at sa Diyos. | |
| Layunin | Gumabay at maglinang ng mga kasanayan ng mga kabataan |
| Pagpapahalaga | Dedikasyon at pagmamahal sa pagtuturo |
| Nais Marating/Matupad | Maturuan ang mga mag-aaral na maging isang mabuting miyembro ng pamilya at pamayanan |
| Benepisyong makukuha | Bagong kaalaman sa asignatura at pagtuturo<br><br>Igalang ng mga mag-aaral |
| Maaaring Balakid sa Pagtupad | Panahon sa pagsasaliksik<br>Mga suliranin sa pagtuturo at pagkatuto |
| Sino-sino ang makatutulong | Kapwa guro<br>Punongguro<br>Kaibigan<br>Mga magulang |

Bilang isang kabataan at mag-aaral, kailangan mong maging tiyak sa kung ano ang iyong nais na marating o plano sa iyong buhay upang maging matagumpay ka sa pagkamit ng iyong mga pangarap. Ang personal na pahayag ng misyon sa buhay ay makatutulong upang magkaroon ng malinaw na tunguhin sa buhay at manatiling matatag sa anomang unos na dumating sa iyong buhay. Kailangan ito upang bigyan ng tuon o direksyon ang pagtupad sa mga itinakdang mithiin sa buhay.

Ready-to-Print



## *Pagyamanin*

**GAWAIN 3: Bunga Ng Kaalaman**

**Panuto:** Suriin ang halimbawa ng Pahayag ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay bilang isang mag-aaral gamit ang gabay sa ibaba. Gawin ito sa kwaderno.

**Ang aking Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay**

Kukuha ako ng arts and design na track sa Senior High School. Mag-aaral ng mabuti at hihingin ang gabay ng aking mga magulang, kaibigan, at pinagkakatiwaalan upang makakuha ng mataas na marka at maging inspirasyon. Magsasanay ako sa pagguhit ng mga desinyo ng gusali at istrakturang pisikal. Magiging masunurin ako sa aking mga guro at magpapasa ng mga gawain sa takdang oras na may kalidad. Susuklian ko ang mga sakripisyo ng aking mga magulang upang ako ay makapagtapos ng pag-aaral sa pamamagitan ng pag-aaral ng mabuti at maging isang matagumpay na architect.

| Elemento | Batayan mula sa pahayag ng personal na misyon sa buhay |
|---|---|
| Misyon sa Buhay | |
| Pagpapahalaga | |
| Nais Marating | |
| Benepisyong makukuha at paano ito makakatulong | |
| Balakid sa pagtupad | |
| Sino-sino ang pwedeng makakatulong sa pagtupad nito | |

Ready-to-Print


Gabay na tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng personal na pahayag ng misyon sa buhay o *personal mission statement*? Ipaliwanag.

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________.

2. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng Pahayag ng Personal na Layunin sa Buhay? Ipaliwanag.

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________.



## *Isaisip*

**GAWAIN 5: Sanaysay Ng Kaisipan**
**Panuto:** Sumulat ng sanaysay tungkol sa batayang konsepto ng pahayag ng personal na misyon sa buhay na tinalakay. Sa pagsulat ng sanaysay, gamitin ang tatlong bahagi ng sanaysay (panimula, katawan, at pagwawakas). Sa pagsulat ng sanaysay, kailangang masagot ang mga sumusnod na katanungan:

1. Ano ang mga dapat mong isaalng-alang sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay?
2. Paano mas magiging makatotohanan at makabuluhang iyong pahayag ng personal na misyon sa buhay?

**Pamantayan sa pagmamarka:**

| Pamantayan | Laang Marka | Marka ng Guro |
|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>May kaugnayan sa paksa ang nilalaman ng sanaysay | 5 | |
| **Organisasyon**<br>Malinaw ang kaisipang inilahad, maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga inilahad na kaisipan | 5 | |
| **Kakintalan**<br>Nag-iwan ng malalim na impresyon sa isipan ang mambabasa upang makahikayat | 5 | |
| **KABUOAN** | 15 | |

Ready-to-Print

# *Isagawa*

**GAWAIN 1: Paglalapat ng Kaalaman**

Sumulat ng Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay bilang isang kabataan na magagamit mo sa pagbuo mabuting pagpapasiya. Suriin ito gamit ang mga gabay na tanong sa loob ng kahon sa ibaba. Gawin ito sa iyong kwaderno.

**Pahayag ng Personal na Misyon**
**sa Buhay Bilang Kabataan**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

| Elemento | Batayan mula sa pahayag ng personal na misyon sa buhay |
|---|---|
| Misyon sa Buhay | |
| Pagpapahalaga | |
| Nais Marating | |
| Benepisyong makukuha at paano ito makakatulong | |
| Balakid sa pagtupad | |
| Sino-sino ang pwedeng makakatulong sa pagtupad nito | |

Ready-to-Print



# *Tayahin*

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat tanong. Isulat sa papel ang titik ng tamang sagot.

1. Mahalaga ang pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay upang __________.
   A. mapanatiling matatag sa anomang unos na dumating sa iyong buhay
   B. bigyan ng tuon ang pagtupad sa mga itinakdang mithiin sa buhay
   C. maging gabay sa ating mga pagpapasiya
   D. lahat ng nabanggit

2. Ayon kay Sean Covey, ang pahayag ng personal na misyon sa buhay ay maihahalintulad sa isang punong malalim na ugat. Ano ang ibig sabihin nito?
   A. Ito ay matatag at hindi mawawala, ngunit ito ay buhay at patuloy
   B. Ito ay pangmatagalang layunin upang makamit ang iyong misyon sa buhay.
   C. Ito ay magsisilbing lakas upang mabuhay ng matagal.
   D. Wala sa nabanggit.

Para sa bilang 3-5, basahin ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay sa ibaba.

**Ang a king Pahayag ng Pe rso nal na Misyon sa Buhay**

Bilang isang mag-aaral na may pangarap na maging isang matagumpay na Architect ay gagawa ako ng paraan upang maitawid ang pinapangarap sa buhay maging sa pagtulong sa pamilya at sa lipunan. Ako’y magiging masipag at magiging isang modelo sa mga kabataan. Hinding hindi kakalimutan ang Diyos. Sa pamamagitan ng pagpapatibay sa pananampalataya, ihahayag ko ang mga salita ng Diyos. Isasapuso ko ang lahat ng mga aral na aking natutuhan. Maging sa mga gawain ay kailangang may puso at pinag-iisipan. Ang pag-aaral nang mabuti, pagsasagawa ng kabutihan sa kapuwa at higit sa lahat, ang gabay ng Diyos ay isa sa mga hakbang upang maging matagumpay at umunlad ang buhay sa balang araw.

-Misyon sa Buhay ni Kaye Yra A. Espinosa

*https://www.coursehero.com/file/15220770/Pagsasabuhay/*

Ready-to-Print

3. Ano ang pangarap ni Kaye Yra?
    A. Architect
    B. Doctor
    C. Nurse
    D. Maging isang matagumpay na mag-aaral.

4. Ano ang pinakalayunin ni Kaye Yra sa buhay?
    A. Maitawid ang pinapangarap sa buhay at makatulong sa pamilya at lipunan.
    B. Maging isang modelo sa kabataan.
    C. Isasapuso ang lahat ng mga aral na natutuhan.
    D. Pagsasagawa ng kabutihan sa kapuwa.

5. Alin sa mga sumusunod ang HINDI pamamaraan ni Kaye Yra upang matupad ang kaniyang misyon sa buhay?
    A. Patibayin ang pananampalataya sa Diyos.
    B. Mag-aral nang mabuti.
    C. Gumawa ng mabuti sa kapwa.
    D. Maging aktibo sa mga gawain sa paaralan at patimpalak.

6. Ano ang ibig sabihin ng personal na pahayag ng misyon sa buhay o *personal mission statement*?
    A. Mithiin na nais marating.
    B. Pamantayan sa pag-abot ng mga pangarap sa buhay.
    C. Isang personal o pansariling *motto* o kredo na nagpapahayag kung ano ang kabuluhan ng iyong buhay.
    D. Tunguhin o pakay na nais na marating o puntahan sa hinaharap.


7. Ang pahayag ng personal na misyon sa buhay (PPMB) ay posibleng magbago o mapalitan. Ang pahayag ay:
    A. Mali, dahil ang ating PPMB ay pangmatagalan
    B. Tama, dahil patuloy na nagbabago ang tao sa konteksto ng mga sitwasyon na nangyayari sa kaniyang buhay.
    C. Mali, dahil ito ang ating gabay sa pagkamit na ating mithiin.
    D. Tama, dahil ito ay dikta ng Diyos sa atin.

8. Ang mga sumusunod ay pamantayan sa pagsulat ng personal na pahayag sa buhay MALIBAN sa:
    A. Mangolekta ng mga kasabihan.
    *B.* Gamitin ang paraang tinatawag na "*brain dump".*
    C. Magpahinga o maglaan ng oras sa pag-iisip.
    D. Hingin ang gabay ng Diyos sa isasagawang pagpapasiya.

Ready-to-Print

9. Si Paul ay nagnanais na maging isang matagumpay na abogado sa hinaharap. Ano ang dapat niyang gawin upang maisakatuparan ang kaniyang mithiin sa buhay?
    A. Kumuha ng maraming kurso
    B. Magsimba tuwing Linggo.
    C. Sumali sa patimpalak sa debate ng barangay.
    *D.* Mag-aral ng mabuti upang makatapos at makapasa sa *bar exam.*

10. Ano ang benepisyong makukuha ni Paul at ng kanyang kapwa kung magiging ganap siyang abogado?
    A. Yayaman ang pamilya.
    B. Maging sikat sa kanilang lugar.
    C. Makatulong sa mga nangangailangan na ipagtanggol ang kanilang karapatan.
    D. Makapagtayo ng negosyo.



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Upang mas maging makabuluhan ang iyong pag-aaral sa modyul na ito, sa iyong kwaderno, kopyahin ang *matrix* sa ibaba at itala ang iyong misyon sa iyong sarili, pamilya, kapwa, at bansa.

| | **Misyon** |
|---|---|
| **Sarili** | |
| **Pamilya** | |
| **Kapwa** | |
| **Bansa** | |

Ready-to-Print

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. C
2. D
3. A
4. A
5. D
6. D
7. A
8. D
9. C
10. B

**Tayahin**

1. D
2. A
3. A
4. A
5. D
6. C
7. B
8. D
9. D
10. A

Ready-to-Print

# *Sanggunian:*


**Aklat**

Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. “ Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi)” Unang Edisyon, 2012:pahina 97-121

Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. “ Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral” Unang Edisyon, 2017, Muling limabg 2020 :pahina 283-284

**Internet**

Gabriela Aguilar, Pagsasabuhay: “PERSONAL NA PAHAYAG NG MISYON SA BUHAY”, date retrieved. June 10, 2020, https://www.coursehero.com/file/15220770/Pagsasabuhay/


Ready-to-Print

Ready-to-Print

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph